THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# "Alam ko na Ngayon"

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
Oktubre 27, 2021

Bawat isa sa atin ay nakikita ang sarili sa ating imahinasyon. Ang iba ay negatibo ang pananaw sa kanilang buhay, nag-iisip na may negatibong emosyon; inaasahan ang pinakamalalang mangyayari sa kanilang buhay. Bigo silang tumingin sa pananaw ng pananalig, para mapagtagumpayan nila ang mga pagsubok.

**1.Bakit bigo ang mga tauhan sa Bibliyang tumingin sa mata ng pananampalataya?**

**1.1 Inakala ng labindalawang tiktik na isinugo** upang siyasatin ang Lupang Pangako na hindi nila kayang lusubin ang lugar (Bilang 12). Tiningnan nila ang kanilang kondisyon at inakalang di nila kayang labanan ang mga tagaroon.

**1.2 Nag-alinlangan ang pananalig ni Martha** dahil alam niyang apat na araw ng pumanaw si Lazarus. Ngunit sinabi ni Jesus kay Martha na kung may pananalig siya, makikita niya ang kaluwalhatian ng Diyos (Jn. 11:40).

**1.3 Sinabi ng Diyos kay Abraham na magiging ama siya ng maraming bansa** (Gen.17:4). Hindi tiningnan ng pananalig ni Abraham ang imposibleng kondisyon dahil sa kanilang katandaan ngunit di nagtagal, napagod siya at nagdasal sa Diyos.

**1.4 Nakiusap si Pedro kay Jesus kung maaari siyang lumapit sa Kanya na naglalakad sa ibabaw ng tubig** (Mt.14:22-31). Pagkasang-ayon ni Jesus, itinuon na ni Pedro ang paningin kay Jesus. Ngunit nang mapansin niya ang malakas na hangin, siya'y natakot at humingi ng tulong kay Jesus. Agad siyang inabot, at sinabing, "Napakaliit ang iyong pananalig. Bakit ka nag-alinlangan?" (Mt.14:31).

**2. Paano natin makikita ang ating sarili sa mata ng pananalig?**

**2.1 Dapat simulan na nating paunlarin ang ating pananaw**, makita natin ang ating sarili bilang mas mabuting anak ng Diyos – higit na pinagpala. Dapat tanungin natin ang Diyos ano ang mga kailangan natin at magtiwalang matatanggap natin ito sa takdang panahon (Mk. 11:24).

**2.1 Dapat nabuo na natin sa isip kung ano ang ating gusto at manalig na ito ay mangyayari.** Dapat bumitiw na tayo kung ang ating imahinasyon ay nasira na dahil wala na tayong magagawa (Jer.29:11).

2.2 Dapat pahintulutan natin ang ating pananalig na maniwala na **ang Diyos ay makagagawa nang higit kaysa sa lahat ng maaari nating hilingin at isipin** (Eph. 3:20).

**2.3 Kadalasan ang ating mga dasal ay pansariling kapakanan at kagustuhan lamang.** Dapat ipagdasal natin ang kaluwalhatian ng Diyos. Dapat maniwala tayo na anuman ang hingin natin sa panalangin, manalig tayong matatanggap natin ito (Mk.11:24), ngunit dapat manaig ang kalooban ng Diyos.

**2.4 Dapat isipin, paniwalaan at ipahayag ang gusto nating mangyari sa ating buhay** (Rom. 10:10). Dapat iwaksi natin sa ating isipan, sa ngalan ni Cristo, ang lahat ng basurang inilalagay ni Satanas sa ating isipan na nagdudulot ng pag-aalinlangan.

**2.5 Dapat makita natin ang kayang gawin ni Jesus sa ating buhay.** Ang mga bagay na di nakikita ay walang hanggan (2Cor.4:18). Mamuhay tayo ayon sa pananalig sa Diyos, HINDI sa mga bagay na nakikita (2Cor.5:7).

**Konklusyon:**

Nilikha tayo ng Diyos na taong biswal na may di kapani-paniwalang imahinasyon. Maaaring tayo ay may gusot at nahihirapan ngayon, ngunit dapat magtiwala tayo na makikita at aasahan ang kalooban ng Diyos.

**Pagninilay:**

1. May krisis ka bang napagdaanan? Paano mo ito hinarap?
2. Paano mo nakikita ang iyong sarili na nagtatagumpay sa krisis na ito?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials